# Balitang Manmin

BILANG 185 AGOSTO 6, 2017

# Nang Ipangaral ang Ebanghelyo ng Kabanalan, Nagkaroon ng Mahimalang mga Tanda sa Ukraine at Latvia

Magmula noong nagsagawa ng tatlong taong ministeryo sa Israel ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, naihatid na ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor sa Israel) ang ebanghelyo ng kabanalan at ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa maraming lugar sa mundo. At noong Hunyo 2017, nakita ang isa sa mga bunga ito, nakapagdaos ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa anim na iglesya sa Ukraine at Latvia. Si Rev. Dr. Soojin Lee, Presidente ng Samahan ng mga Pastor, ang naging tagapagsalita (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Hunyo 9, idinaos ang pinakaunang pagpupulong sa Skydoor Church sa Dnepropetrovsk, Ukraine. 900 tao ang dumalo (litrato 2).

Nais ni Pastor Yuri Konovalov na makakilala ng isang lider na espirituwal, idinalangin niya ito. Nabalitaan niya ang tungkol kay Dr. Jaerock Lee at ang ministeryo ng Manmin mula sa Crystal Forum. Noong Nobyembre 2016, dumalo siya sa seminar para sa mga pastor na taga-Israel. Tumanggap siya ng pagpapala sa mensahe ni Rev. Soojin Lee, inanyayahan niya ito para pumunta sa iglesya niya.

Ipinangaral ni Rev. Lee ang mensahe tungkol sa "Pananampalataya", idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyo. Maraming gumaling mula sa iba't ibang karamdaman. May mga luminaw ang paningin, gumaling mula sa hemiplegia, o malalang rayuma, at nakapaglakad ng walang saklay. Nagpatotoo si Kapatid Lera tungkol sa paggaling ng anak niyang babae, naiiyak pa siya habang nagsasalita; kulang siya sa buwan nang ipanganak, hindi siya makakita, pero pagkatapos ipanalangin, bumukas ang mga mata niya, nakakita siya.



Gumaling mula sa sakit sa puso sa Kapatid Timothy, at ang gulugod ni Kapatid Larise ay gumaling din, hindi na nahirapang lumakad sa Kapatid Aleksander (litrato 1). May mga iba pang gumaling, mga epekto ng operasyon sa lymphoma, mga karamdaman sa thyroid, at rayuma.

Noong Hunyo 10, nagtipuntipon ang 700 tao sa Kingdom of God Church na nasa Kiev, ang pangunahing lunsod. Maraming pastor mula sa 15 lunsod ng Ukraine ang nakiisa sa iglesya (litrato 3).

Si Bishop Pastor Stanislav ang namuno sa pagpupulong. Inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng "Blessed are Those Who Walk in the Light." Pagkatapos idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyo. Dahil sa panalangin, maraming lumaya mula sa mga karamdaman tulad ng malabong paningin, tuhod na nirarayuma, sakit sa bato, at nakausling buto sa gulugod. Maraming gumaling mula sa hepatitis na resulta ng pagkasugapa sa bawal na gamot. Lahat ng dumalo ay sumang-ayon na napakaganda ng mga pangyayari sa ginanap na pulong. Sinabi nila na natanto nila kung gaano kahalaga para sa isang pastor na maging banal para tanggapin ang kapangyarihan ng Diyos.

Noong Hunyo 11, namuno si Rev. Lee sa isang pagpupulong sa Victory Church na mayroong higit sa 200 sangay sa Ukraine. Ipinangaral niya ang mensaheng, "Bakit si Jesus ang Tagning Tagapagligtas Natin?" may 2,000 tao ang dumalo (litrato 4). Nanalangin siya gamit ang panyo, at marami ang nagpatotoo na naranasan nila ang apoy ng Banal na Espiritu, nawala ang mga masasakit nila sa katawan, gumaling ang maraming karamdaman tulad ng nakausling buto sa gulugod, hirap sa paglalakad, at hika.

Sinabi ng Punong Pastor Henry Madaya, "Kapag nagdadaos ako ng mga pagpupulong sa ibang bansa, nagpapakita ng pagkilos ang Banal na Espiritu. Pero mas ramdam ko ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa mga pagpupulong na ginagawa ni Rev. Lee" (basahin sa pahina 3 ang karagdagang balita tungkol dito).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Pananampalatayang Nagpapalugod sa Diyos

"Sa pananampalataya ay nauunawaan natin na ang mga sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa't ang mga bagay na nakikita ay nagmula sa mga bagay na hindi nakikita." (Sa Mga Hebreo 11:3)

Kung totoong nagtitiwala tayo sa Diyos na Manlilikha at kay Jesu-Cristo, tatanggapin natin ang mga kasagutan kahit tungkol sa mga imposibleng bagay sa pangalan ni Jesu-Cristo. Pero kahit lahat tayo ay magsabing naniniwala tayo, magkakaiba pa rin ang sukat ng pananampalataya ng bawat isa sa atin. Sinasabi ng 1 Juan 2:12-14, may pananampalataya tulad ng pananampalataya ng maliliit na bata, ng mga kabataan, at ng malagong pananampalataya ng mga ama.

Anong klaseng pananampalataya ang nais ng Diyos para sa mga minamahal Niyang mga anak?

### Una sa lahat, nais ng Diyos na magkaroon kayo ng pananampalatayang hindi nagbabago.

Nais ng Diyos na hindi magbago ang pananampalataya natin. Ito ay pananampalatayang espirituwal na hindi nagbabago ano man ang mangyari. Kung nagbabago ang pananampalataya ninyo, hindi ito espirituwal, hindi ito ang nais ng Diyos para sa inyo.

Sinasabi ninyo na nagtitiwala kayo sa makapangyarihang Diyos, pero kapag may mga problema kayo, hindi ba kayo umaasa sa tao sa halip na sa Diyos? Maalab ninyong idinalangin ang minimithi ng puso ninyo, pero kapag hindi ito sinagot sa parang inasahan ninyo, hindi ba nagrereklamo kayo sa Diyos, at sinasabi ninyo na hindi Niya ito ibibigay sa inyo at walang nangyayari sa pananalangin ninyo?

May mga nagsasabi sa inyo na naniniwala kayo sa Salita ng Diyos pero gusto ninyong ibagay ito sa personal na pagkaintindi ninyo para pakinabangan ninyo. Tulad ni Eva, pinapalitan ninyo ang, "Tiyak na kayo ay mamamatay," sa, "Kayo ay mamamatay," nawawala ang pagtitiwala ninyo sa Diyos, baka magkaroon kayo ng mga pagsubok.

Dati, kahit hindi napapansin ng ibang tao, marami kayong ginagawang tulong sa iglesya. Masaya kayo sa pagbibigay ng handog sa Diyos at pagtulong sa mga nangangailangan. Pero dumating ang pagkakataon na nagdalawang-isip kayo. "Walang nakakikilala sa akin dahil hindi nila nakikita ang mga tulong na ginagawa ko, mas pinupuri nila ang mga taong lantaran ang pagtulong." "Mas mahirap ang mga bagay na ginagawa ko, pero mas mabilis lumago ang pananampalataya ng ibang tao." Nag-aalinlangan na kayo sa pananampalataya ninyo, "Naaalala ba ako ng Diyos? Mahal pa ba Niya ako?"

Sinasabi ng Galacia 6:9, "At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay." Gaya ng sinabi ng talata, dapat hindi kayo magsawang kumilos ayon sa katotohanan at magtiwala sa Diyos natin na tapat para umani tayo ng mga bunga ng pagpapala. Kung hindi magbabago ang pagtitiwala ninyo sa pangako ng Diyos na nakasulat sa Biblia, susunod sa mga salita Niya, at gagawa ng tapat at may pagmamahal para sa Diyos, mamahalin at pupurihin kayo ng Diyos at ibibigay Niya sa inyo ang mga hinihiling ninyo.

### Pangalawa, pananalig sa hindi nakikitang Espirituwal na Kaharian.

Para sa mga hindi naniniwala, lahat ng bagay ay nasa pisikal na mundong nakikita. Gusto nilang maangkin ang lahat ng bagay dito sa mundo para maging masaya sila. Gusto nilang pag-usapan kung anong pagkain ang pinakamasarap, kung saan restoran pinakamasarap kumain, ano ang mga usong bagay, at anong negosyo ang pwedeng kapitalan para mas maging mayaman.

Kung may magsasabi sa kanila na mayroong Langit at Impiyerno, hindi sila maniniwala, malalaman nila na totoo ang mga ito kapag namatay sila. Ayaw nilang paniwalaan na mayroong Diyos na hindi nakikita at si Jesu-Cristo ay muling nabuhay mula sa mga patay.

Pero sa huling bahagi ng Juan 20:29, sinasabi, "Mapalad ang hindi nakakita, gayunma'y sumasampalataya." Sinabi ito ng Panginoon pagkatapos Niyang maipako sa krus kahit wala Siyang kasalanan para mailigtas ang sangkatauhan. Muli Siyang nabuhay sa ikatlong araw. Ipinaliwanag Niya ang espirituwal na pananampalataya kay Tomas na nagsabing naniniwala siya sa pagkabuhay na muli kung makikita niya ang mga kamay at paa ni Jesus na may marka ng pagkakapako sa krus.

Sa pamamagitan ng mga bagay sa kalikasan, pwede na kayong maniwala na may Manlilikha (Mga Taga-Roma 1:20). Bukod dito, kung nakita ninyo ang kapangyarihan ng Diyos, tiyak na maniniwala kayo na makapangyarihan Siya. Maniniwala kayo sa 66 na aklat ng Biblia, at maniniwala kayo sa Langit at Impiyerno. Kapag batid ninyo ito, hindi na ninyo hahangarin ang pansamantalang mga bagay sa mundo at aasa kayo sa Langit (Marcos 10:29-30).

Nais sumunod sa Diyos ng mga ama ng pananampalataya kahit magdusa sila at magkaroon ng mga pagsubok sa halip na dumanas ng kasiyahan na dala ng kamunduhan. Kung totoong naniniwala kayo sa espirituwal na kaharian at sa walang hanggang kaharian ng langit, hindi na kayo maghahangad ng kayamanan at katanyagan sa mundong ito, Langit ang pag-iipunan ninyo. Gugugulin ninyo ang oras at lakas ninyo sa mga espirituwal na bagay sa halip na sa pisikal. Masisiyahan kayo sa pagbibigay sa mga kaluluwa at sa kaharian ng Diyos, mag-iipon kayo ng oras at pera para sa kanila.

Pagkatapos ihandog ni Apostol Pablo ang buhay niya sa Panginoon, ano ang natira sa kanya? Kung titingnan sa pisikal na aspeto, siya ay isang kriminal na hinatulang mamatay, naghihintay na lang ng kamatayan sa malamig na bilangguan. Ni wala siyang makapal na damit na panlaban sa ginaw. Pero sa espirituwal na aspeto, may karangalan siya sa pagiging apostol ng Panginoon na may kapangyarihang mula sa Diyos. Maraming kaluluwa ang naligtas sa pamamagitan niya.

Nasa kanya ang korona ng katuwiran at kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem. Hinihintay siya ng Panginoon para yakapin ng buong pagmamahal. Umaasa ako na paniwalaan din ninyo ang espirituwal na mundong hindi natin nakikita, patayin ang likas na makasalanan araw-araw tulad ni apostol Pablo para parangalan din kayo sa Langit.

### Pangatlo, pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos na bumabago sa inyo para maging perpekto kayo.

Hanggang ngayon, humihingi pa rin ako ng mas malaking kapangyarihan mula pa noong nagsimula ang iglesyang ito. Nakatagal ako sa loob ng pitong taon dahil sa pananampalataya. Ito ay dahil gusto kong makitang maging mga tunay na anak kayo ng Diyos. May nagsasabi o nag-iisip ba sa inyo ng ganito: "Magagawa ko ba ito? Hindi mabuti ang loob at labas ng puso ko, Hindi ito makabubuti kahit magsikap ako, napag-iwanan na ako. Nahihiya akong humarap sa Diyos, ni wala akong lakas para manalangin."

Walang imposible sa Diyos na pinagtitiwalaan natin. Hinati Niya ang Dagat na Pula; nagpababa Siya ng apoy mula sa langit; pinatubo, pinamulaklak, at pinagbunga ang tuyong sanga. Binuhay at pinatayo Niya ang mga buto para maging mga kawal, at binigyan ng mga anak si Abraham. Kung totoong naniniwala kayo sa Diyos, hindi kayo dapat mawalan ng pag-asa.

Ibinigay ng Diyos sa iglesyang ito ang ebanghelyo ng kabanalan, at ang dakila at kamangha-manghang kapangyarihan! Palakasin ninyo ang loob ninyo, "Nagpapasalamat ako dahil dadalahin ako ng Diyos sa Bagong Jerusalem kahit malaki ang pagkukulang ko! Nagpapasalamat ako dahil pinunuan ng pastol at 99% at hinihiling na ako ang gumawa ng 1%" Sinasabi ng 2 Mga Taga-Corinto 11:30, "Kung kailangang ako'y magmalaki, ako'y magmamalaki sa mga bagay na nauukol sa aking kahinaan." Sinabi ni Pablo, kung mas mahina kayo, mas dapat ninyong ipagmalaki at pagtiwalaan ang kapangyarihan ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, naniniwala ba kayo na nagtiis ang Diyos sa loob ng mahabang panahon para iligtas ang mga tao at walang patid na ibinuhos ang pag-ibig at pagpapala niya sa atin? Kung naniniwala kayo, magbago na kayo sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya na nagpapaperpekto sa inyo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na manahan nawa kayo sa walang hanggang kaluwalhatian ng magandang Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Tumatanggap Ba Kayo ng mga Biyaya Gaya ng Ipinangako?

Nakasulat sa Biblia, nangako ang tapat na Diyos na magbibigay ng mga biyaya sa Kanyang mga anak. Pero may mga nakatatanggap at mayroon ding hindi. May mga tumatanggap ng marami, at may iba namang kakaunti. Pag-aralan natin kung paano tatanggap ng masaganang bunga ayon sumusunod na tatlong hakbang.

## Unang Hakbang

### May Pananampalataya Dapat Kayo

"At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at Siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya" (Sa Mga Hebreo 11:6).

Ang pananampalatayang kinalulugdan ng Diyos ay tumutulong sa ating magtiwala sa lahat ng 66 na aklat ng Biblia. Kahit parang imposibleng mangyari ang iba dito, paniwalaan natin ito. Ito ang tinatawag na espirituwal na pananampalataya, nalulugod ang Diyos dito.

Sinasabi ng Jeremias 32:27, "Narito, Ako ang PANGINOON, ang Diyos ng lahat ng laman; mayroon bang anumang napakahirap para Akin?" Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Salita Niya, at nangibabaw Siya sa kasaysayan ng sangkatauhan, sa buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian nila.

Kung totoong pinaniniwalaan ninyo ito, lubos kayong maniniwala sa Salita Niya kahit ano pa ito. Parang imposibleng mangyari pero kapag sinabi ng Diyos, "Gagawin Ko", ito ay mangyayari.

❖

Kapag itinanim ninyo sa mga puso ninyo ang Salita Niya, at lubos na maniniwala dito, magkakaroon kayo ng mga biyaya dahil sa pananampalataya ninyo. Mararanasan ninyo ang kapangyarihan Niya kung mayroon kayong pananampalatayang kinalulugdan Niya. Tatamasahin ninyo ang mga biyaya Niyang ipinangako.

Dapat kayong lubos na magtiwala sa Salita Niya na nakasulat sa Biblia kung gusto ninyong makita at maranasan ang kapangyarihan Niya. Magtiwala kayo sa plano Niya at asahan ninyo na magiging kabahagi kayo sa pagtupad ng kalooban Niya.

Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:24, "Tapat ang sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito," hindi ninyo magagawa ito sa sarili ninyong lakas, kikilos ang Diyos para sa inyo kung aasa kayo sa Kanya at mananampalataya. Kung gagawin ninyo ito, aani kayo ng masaganang bunga.

## Pangalawang Hakbang

### Ipakita ang Pananampalataya sa Pamamagitan ng mga Gawa

"Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kanyang mga gawa, at ang pananampalataya ay nagiging ganap sa pamamagitan ng mga gawa" (Santiago 2:22).

Sumunod agad si Abraham nang sabihin sa kanya ng Diyos na ihandog ang nag-iisang anak niyang si Isaac bilang alay na susunugin. Hindi siya nagdahilan. Nagtiwala siya sa mabuting kalooban ng Diyos. Naintindihan niya at panatag ang loob niya sa Diyos. Bukod dito, nagtiwala siya na muling bubuhayin ng Diyos ang anak niya mula sa mga patay (Sa Mga Hebreo 11:17-19). Nagpasalamat siya sa Diyos sa pinagawa sa kanya dahil nangangahulugan ito na pinahalagahan ng Diyos ang pagmamahal at pananampalataya niya sa Kanya.

Pinanood si Abraham ng Diyos at naghintay Siya hanggang kunin nito ang patalim para patayin si Isaac. Dahil sa pagsubok ng perpektong pagsunod at pananampalataya ni Abraham, naging ama siya ng pananampalataya at lubos ang tatanggapin niyang mga biyayang ipinangako ng Diyos (Genesis 22).

Kung hindi tinawid ng mga Israelita ang Dagat na Pula kahit hinati ito ni Moises sa pamamagitan ng panalangin, nabihag sila ng mga sundalong Ehipcio (Exodo 14). Kahit inilublob ng mga pari ang mga paa nila sa dumadaloy na tubig ng Ilog ng Jordan at huminto ang pagdaloy nito, kung hindi naman tumawid sa ilog ang mga Israelita, hindi sila nakapasok sa Canaan (Josue 3).

❖

Ipinapakita nito na kahit naniniwala kayo sa mga pangako ng Diyos, hindi kayo tatanggap ng mga biyayang ipinangako Niya kung hindi kayo mananampalataya sa pagkilos Niya (1 Juan 3:21-22). Kung totoong naniniwala kayo sa mga pangako at pangitain mula sa Diyos, idalangin ninyo ito hanggang matupad (Ezekiel 36:37). Tatanggapin ng Diyos ang panalangin ninyo, ipapakita Niya sa inyo ang paraan para matupad ito, at pagbubungahin Niya kayo ng masagana.

## Pangatlong Hakbang

### Magtiyaga sa Paghihintay, Huwag Magbago

"At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay" (Galacia 6:9).

Iniutos ng Diyos sa mga Israelita na umikot sa labas ng lunsod ng Jericho ng pitong beses bago nila malupig ito. Kung sinunod nila ang saloobin nilang makalaman, baka inisip nilang delikadong gawin ito dahil wala silang armas. Pero wala sa kanilang nagreklamo. Sumunod sila, inikutan nila ang lunsod ng pitong beses. At nang sumigaw sila nang sabay-sabay, gumuho ang buong lunsod. Kung hindi sumunod sa utos ng Diyos ang mga Israelita at hindi nanampalataya, baka hindi nawasak ang lunsod. Para makita ng Diyos ang pananampalataya nila, pinanood sila ng Diyos hanggang sa huling sandali (Santiago 1:6-7).

Hindi agad nasakop ng mga Israelita ang Canaan nang sabihin ng Diyos sa kanila na sakupin ito pagkatapos ng Exodo. Dapat muna nilang tawirin ang Dagat na Pula, ang Ilog ng Jordan, at ikutan at wasakin ang lunsod ng Jericho na may kasamang pananampalataya (Josue 6).

❖

Tulad nito, dapat maging lubos ang pagtitiwala ninyo at magpakita ng pananampalatayang hindi nagbabago sa pamamagitan ng mga gawa para tumanggap kayo ng mga biyaya mula sa Diyos. Tatanggapin ninyo ang mga biyayang ipinangako ng Diyos, at tatanggapin Niya ang kaluwalhatian sa pamamagitan ninyo.

Ang pagkilos ng pinakamakapangyarihang Diyos ay lumalampas sa kayang isipin at gawin ng tao. Kahit parang walang nangyayari, kung magpapatuloy kayo sa pananampalataya, kikilos ang Diyos para sa inyo. At kapag dumating ang itinakda Niyang oras, tatanggapin ninyo agad ang kasagutan. Kaya hanggang sa tanggapin ninyo ang kasagutan mula sa Diyos, lubos ninyong pagtiwalaan ang katapatan at mga pangako ng Diyos, ipakita ninyo ang inyong mga gawa, maghintay at huwag magbago. Darating ang oras, mag-aani kayo ng masaganang bunga.

Mula sa pahina 1




Pagpupulong na may Panyong Nakapagpapagaling sa New Generation Church sa Riga, Latvia

Noong Hunyo 13, muling nagdaos ng pagpupulong na may panyo sa Kuldiga Church sa Kuldiga, Latvia (litrato 5 sa pahina 1). Ipinangaral ni Rev. Soojin Lee ang mensaheng, "Bakit si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas Natin?", at idinalangin ang mga maysakit gamit ang panyo. Maraming gumaling mula sa karamdaman, kasama ang depresyon at rayuma. May isang pastor na nagdusa sa matinding sakit. Ang dahilan nito ay ang operasyon sa nasirang litid at ugat sa braso niya. Pero pakatapos ng panalangin, nawala ang pananakit. Naigagalaw na niya ang braso niya nang walang problema.

Noong Hunyo 14, nagdaos ng pagpupulong sa New Generation Church sa Riga, Latvia (litrato 6 sa pahina 1). Ibinahagi ni Rev. Dr. Soojin Lee ang mensaheng "Blessed are Those Who Walk in the Light", pagkatapos, nanalangin siya gamit ang panyo. May mga dumalo na gumaling mula sa nakausling buto sa gulugod, rayuma, sakit sa baga, depresyon, at bumalik ang linaw ng mga mata at talas ng pandinig. Isang pastor ang gumaling mula nakausling buto sa gulugod na nagpahirap sa kanya sa loob ng 15 taon; nagsisi siya habang umiiyak sa harap ng mga tao at umamin na hindi siya nanatili sa Liwanag.

Sinabi ng pastor ng iglesyang ito na si Pastor Aleksey Ledyaev na ibinabalita niya ang tungkol sa ministeryo ng Manmin kahit saan siya pumunta. Hiniling niya kay Rev. Soojin Lee na bisitahin ang Georgia at Bulgaria.

Noong Hunyo 16, ipinangaral ni Rev. Lee ang mensaheng "Faith" sa Revelation Church sa Valmiera (litrato 7 sa pahina 1). Nang manalangin siya gamit ang panyo, nawala ang pananakit ng mga braso, binti, at likuran ng ilang tao. Masaya silang nagpatotoo tungkol sa kanilang paggaling.

Ipinalabas ang DVD ng makapangyarihang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee bago magsimula ang mga sermon. Nakatulong ito para magkaroon ng pananampalataya sa puso ang mga dumalo. Nagbigay ng pagpapala sa mga tao ang pagtatanghal ng Power Worship Dance team at ni kapatid Jeongeun Kim. Maraming pumuri sa kanila.

Ang mga miyembro ng Manmin na dumadalo sa pagsamba sa internet sa Ukraine at Moldova ay nagbiyahe papuntang Ukraine para sa mga pagpupulong. Dumalo sa Latvia ang sampung miyembrong pipi na dumadalo ng pagsamba sa internet na gumagamit ng sign language. Bumalik ang pandinig nila, gumaling din ang facial paralysis at eksema nila.



# "Binago ng Ebanghelyo ng Kabanalan ang Buhay Ko!"

Diakonesa Miyeon Yu, 39 taong gulang, Canaan Mission

Noong taong 1994, habang nasa ika-9 na baitang pa lang ako, nagpa-opera ang nanay ko para sa kanser sa tiyan, malala na ito. Gumaling siya agad pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee na nakarecord sa telepono, Automated Response System. Dahil dito, nagtiwala ako sa Diyos na buhay (pangalawa mula sa kaliwa sa litrato).

Pero noong nasa kolehiyo na ako, hindi ko isinabuhay ang Salita ng Diyos. Nang magkatrabaho ako, hindi ko pa rin sinunod ang Salita. Samantala, noong pagsamba para sa Bagong Taon taong 2003, naisip kong pupunta ako sa Impiyerno kapag hindi ako lumayo sa ganitong klaseng buhay, kaya nagdesisyon ako.

Noong Marso 2003, dumalo ako sa espesyal na Pulong Panalanging Daniel. Sa unang gabi, naantig na agad ang puso ko, lubos kong pinagsisihan ang mga kasalanan ko. Lumayo ako sa kamunduhan. Pagkatapos, sinimulan ko ang tapat na paglilingkod bilang miyembro ng choir at bilang lider ng isang grupo. Malaki ang nakuha kong pagpapala sa pag-aalaga ng mga kaluluwa at pagiging lider sa mga pagpupulong.

Punong Tagasaliksik ako ng Samsung SDI Electronic Materials. Noong taong 2013, sinimulan kong sikaping mabuhay ayon sa Salita habang nasa trabaho ako. Ginugol ko ang lahat ng oras sa lugar na ito. Noong panahong iyon, ako ang namahala sa isang proyekto. Kinailangan kong makipagtulungan sa isang taong iniiwasang makatrabaho ng iba. Sa simula, mahirap siyang katrabaho, pero nanalangin ako, naintindihan ko ang kalagayan niya. Nagagalit at nagpoproblema ako dati, pero taos-puso ko siyang naunawaan. Habang sinisikap kong haplusin ang puso niya sa pamamagitan ng pagmamahal at konsiderasyon, mabilis at matagumpay naming natapos ang proyekto.

Pagkatapos ng trabaho, papasok ako sa graduate school at dadalo sa pulong panalanging Daniel. Pag-uwi, gagawin ko ang takdang aralin, mag-aaral para sa mga test, o tatapusin ang thesis hanggang ika-2:00 – 3:00 ng umaga. Noong panahong iyon, kinakabahan ang mga kasamahan ko sa trabaho dahil mahigpit ang pagbabantay ng kinauukulan sa pagtupad ng mga empleyado sa gawain nila. May ibang bagay pa akong ginagawa, tulad ng pagsasanay sa pagsasalita ng Ingles at mga trabahong may kinalaman sa patent. Pinamahala din sa akin ang pagpapanatiling ligtas ng kapaligiran ng laboratoryo. Dapat gumising ako ng ika-5:00 ng umaga para tingnan ang mga pabrika sa mga probinsya, sumasakay ako sa Korea Train eXpress (KTX). Kapag nahihirapan ako, iniisip kong magbitiw sa trabaho, maraming beses nangyayari ito.

Pero, umasa ako sa Diyos at nanalangin ng walang patid. Nagsikap at nagpakumbaba ako para matuto, kahit mula sa mga mas bata at mas mababa ang posisyon kaysa sa akin. Dahil dito, nagtagumpay ako sa mga gawain ko, patuloy ang pagtanggap ng laboratoryo ko ng pinakamataas na parangal. Binigyan din ako ng mataas na marka sa pagtupad ko ng gawain.

Nakakaya kong pagtiisan ang lahat dahil naniniwala ako na ang lahat ng paghihirap na ito ay mula sa pag-ibig ng Diyos na nagnanais na lumago ang aking espiritu. Iba't ibang bagay ang naranasan ko, at natuto akong humarap sa maraming klaseng problema. Dahil sa pagpapala ng Diyos, natapos ko ang master's degree sa Yonsei University, hinirang pang pinakamahusay ang thesis na ginawa ko. Dahil tahimik ang buhay ko, naging kampante ako sa pagiging Cristiano ko. Samantala, noong Hunyo 2016, inilipat ako ng lugar ng trabaho, ito ay sa isang sangay sa Cheongju.

Sa bahay ko sa Cheongju, dumalo ako sa pulong panalanging Daniel sa GCN. Kapag Sabado at Linggo, pumupunta ako sa Seoul, sumasakay ako sa tren (KTX), para dumalo sa mga pagsamba. Natanto ko na dapat akong magpasalamat dahil nakakadalo ako sa santuwaryo. Sa retreat sa tag-init, nadama ko ang malalim na pagmamahal ng pastol, gusto kong bayaran ang kabutihan niya, nagsikap akong maging espirituwal. Noong Setyembre, nalaman ko na anim na buwan lang ako mananatili sa Cheongju at hindi isang taon. At naging espirituwal ako sa tulong ng Diyos. Hallelujah!

Pinagpala ng Diyos ang pamilya ko habang sumasagana ang kaluluwa ko. Tumanggap ng biyayang pinansyal ang tatay kong si Diakono Yangmok Yu, at ang nanay kong si Punong Diakonesa Heejung Han ay masipag sa pagtupad ng mga tungkulin niyang ibinigay ng Diyos. Ang kapatid kong babae na si Diakonesa Jiyeon Yu ay miyembro ng Crystal Singers ng Komite ng Sining. Ibinibigay ko ang lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian sa Diyos na nagpapala sa pamilya ko, binigyan Niya kami ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem.

# "Nakatagpo Ko ang Diyos Ama ng Pag-ibig!"



Kapatid Naraporn Sawaengchai, 25 taong gulang, Chiang Rai Manmin Church, Thailand

Pinanganak ako sa isang pamilyang Buddhist. Noong pangalawang taon ko sa kolehiyo, napadaan ako sa Chiang Rai Manmin Church (Pastor Jaewon Lee). Nabasa ko ang karatula na nakapaskil doon: ang sabi dito, nagbibigay ang simbahang ito ng libreng pagtuturo ng wikang Koreano. Dahil may paborito akong isang miyebro ng K-pop, gusto kong matutong magsalita ng wikang Koreano. Pumasok ako sa simbahan.

Sinimulan ko ang pag-aaral ng wikang Koreano tuwing Martes. Pagkatapos ng pag-aaral, dumadalo sa papuri at panalangin ang mga miyembro. Kapag nakikita ko silang masayang nagpupuri, gusto kong sumali. Sa pagsamba, pinakinggan ko ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, tumanggap ako ng malaking pagpapala sa mga ito. Dinaluhan ko ang mga pagsamba bawat linggo.

Noong Hunyo 26, 2011, dumalo ako sa retreat ng iglesya, tinanggap ko si Jesu-Cristo bilang personal na Tagapagligtas. Kinabukasan, nagrehistro ako sa iglesya. Binasa at pinakinggan ko ang mga sermon ng Punong Pastor sa website ng Manmin Central Church at sa YouTube. Sinunod ko ang araw ng Panginoon, nanalangin ako, at nagboluntaryo. Noong taong 2015, ibinoto ako bilang Presidente ng Misyon para sa mga Kabataang Babae. Nagturo din ako sa paaralang pang-Linggo at naging tagasalin. Manggagawa na ako ng iglesya ngayon.

Matagal ng guro ang mga magulang ko, nag-aral ako ng tradisyunal na panggagamot sa Rajabhat University. Gusto nilang maglingkod ako sa lipunan at tumira sa probinsya kasama nila. Kung gusto ko, madaling gawin, maraming beses nila akong niyaya. Pero, gusto ko talagang maglingkod sa Panginoon. Kinalimutan ko ang kasaganahan at kumportableng buhay, nanatili ako sa Chiang Rai na hindi ko kinasanayan. Pero masaya ako dahil dadating ang oras, pupunta ako sa Langit.

Nang magsimula ang taong 2017, sinipon ako. Mataas ang lagnat ko, at masakit ang buong katawan ko. Pero hindi ako huminto sa pananalangin, dumalo pa rin ako sa espesyal na pulong panalanging Daniel. Kinagabihan, napanaginipan ko ang Punong Pastor, sinabi niyang magaling na ako. Paglipas ng ilang araw, gumaling din ang impeksyon ko sa mata dahil sa apoy ng Banal na Espiritu. Pagkatapos, nanalo ako sa Bible Quiz ng iglesya. Bilang premyo, makakasama ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin na gagawin sa Korea sa darating na Agosto. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagligtas sa akin, papunta na sana ako sa Impiyerno, ni hindi nalaman ang katotohanan. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na nananalangin para sa mga kaluluwa sa Thailand.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714